

Message of  
**Sen. Lito Lapid**  
**Palawan Forum**  
**May 2015**

Magandang umaga sa inyong lahat!

Ako po ay natutuwa sampu ng mga kasapi ng inyong Senate Committee on Cooperatives sa inyong ipinakikitang suporta sa ating adhikain na maisulong ang kilusang kooperatiba sa bansa. Ang inyong pagdating ngayon ay malaking maitutulong upang maipakalat natin at maipahayag sa iba pang mga kooperatiba ang mga magagandang pagbabagong ipinasok natin sa Implementing Rules and Regulations ng Cooperative Code of 2008.

Naging mahaba at malawakan ang talakayan ang ginawa ng dalawang Kapulungan ng Kongreso at ng Cooperative Development Authority (CDA) upang lahat ng ating mga isyu at interes ukol sa operasyon ng kooperatiba ay mapaunlakan. Halos tatlong buwan ang mga pulong kasama ang ilan sa mga piling kasapi at eksperto sa sector upang masigurong kung hindi man lahat, marami sa mga isyung hinaharap ng mga kooperatiba sa larangan ng operasyon nito ay matugunan ng karampatang kasagutan. Batid ko po kung ano ang halaga ng kooperatiba sa kabuhayan ng isa't-isa sa atin. Marami sa atin dito ngayon ay halos tinalikuran na ang lahat upang lubos na matutukan ang pagpapaunlad ng kanilang kooperatiba. Sana ang bagong IRR na ito ay makatulong na mas mapa-alwan ang inyong mga tungkulin bilang mga nanungkulan o dili kaya'y simpleng kasapi ng kooperatiba.

Kung inyong mamarapatin ay hayaan ninyong ibunyag ko sa inyo ang ilan sa mga makahulugang pagbabagong hatid nitong bagong IRR. Una, ginawa na nating mas simple ang mga training requirements ng mga officers ng kooperatiba. Mula sa napakahabang mahigit isandaang oras na training para sa ilang mga officers, pinaikli na lamang ito sa 16 training hours na basic cooperative training at karagdagang 16 na oras para sa cooperative operations. May karagdagang 16 na oras na pagsasanay naman para sa mga espesyal na kakayahan na nakatuon para sa mga savings and

credit cooperatives at mga katulad na kooperatiba. Ang CDA po ay nagpahiwatig na magpapalabas ng circular para sa mas makatwirang training equivalence recognition program.

Binago na rin po ang mga reporting requirements at ito mas pinaluwag ng hindi naman na-sasakripisyo ang pagbabantay sa kalagayan ng operasyon ng kooperatiba. Ginawa na ring makatarungan ang mga penalties na pagbabayaran ng mga opisyal na nahihirapang makapagsumite ng mga kinakailangang reports sa nakatakhang oras. Lahat ng mga ito at ang marami pang iba ay lubos na ipapaliwanag sa inyo sa isang pag-uulat mamaya.

Sa madali't sabi, nagbunga ang mahaba at maraming konsultasyon na ginawa naming nina Congressman Paez kasama ang CDA na hindi ninyo pinagsawaang daluhan. Panatilihin nating maalab ang ating pagmamahal sa kilusang kooperatiba at patuloy tayong maghanap ng mga taong tunay na makatutulong para isulong ang ating kapakanan. Nais kong ipahatid sa inyong kabatiran na sa abot ng aming makakaya, ako, kasama ang aking anak na si Mark Lapid ay laging handang umagapay sa mga kooperatiba. Sa tulong ni Congressman Paez at mga kasama niyang mambabatas sa cooperative bloc, ng CDA, mga cooperative federations at advocacy groups, sama-sama nating ipagmalaki na ang ating sector ay isang lakas pambansa.

Mabuhay tayong lahat at hangad kong maging makabuluhan ang ating pagtitipon ngayong araw na ito.

- 0 -